


Pangalan:____________________________________________

**Ibigay ang susunod na mangyayari. Piliin ang letra ng tamang sagot.**

**1. Alagang-alaga ni Eddie ang mga baka. May sapat na pagkain at malinis na kulungan ito.**

**A. Magiging sakitin ang mga baka.**

**B. Magiging malusog ang mga baka.**

**C. Mamamatay ang mga alagang baka.**

**2. Gabi pa lamang ay inaayos na ni Shane ang mga gamit niya sa paaralan. Maaga din siyang natulog.**

**A. Mahuhuli siya sa kanyang klase.**

**B. Hindi siya makakapasok kinabukasan**

**C. Maaga siyang makakarating sa paaralan.**

**3. Naglalakad si Amy nang matanaw niya na mabilis kumapal ang maitim na**

LIVEWORKSHEETS

ulap. Wala siyang dalang payong.

A. Maaabutan siya ng ulan.

B. Hindi siya mauulanan.

C. Hindi matutuloy ang ulan.

4. Nagpaalam si Gab sa kaniyang mommy. Pupunta siya sa kaibigan niyang si Blake. Sinabi niyang alas- 3 ng hapon siya uuwi. Masyadong naaliw sa paglalaro sina Gab at Blake. Pagtingin ni Gab sa relos ay mag-aalas-4 na hapon

a. Magpapatuloy sa paglalaro ang magkaibigan

b. Magmamadaling umuwi si Gab at hihingi ng tawad sa kaniyang mommy

c. Magpupunta pa sila sa kaibigan nila sa kabilang barangay.

5. Kaarawan ni Alexa. Malungkot siya dahil akala niya ay darating na ang kaniyang daddy sa ibang bansa kasi ito nagtatrabaho. Lumapit ang mommy ni Alexa sa kaniya at sinabi nitong huwag na siyang malungkot dahil may sorpresa siyang bisita.

a. Masayang-masaya si Alexa dahil dumating ang kaniyang daddy.

b. Umiyak nang umiyak si Alexa.

c. Magpupunta sila sa ibang bansa.

LIVEWORKSHEETS

**Unawain ang larawan. Piliin ang angkop na hinuha para sa sumusunod na pangyayari.**





















LIVEWORKSHEETS